

**Pagsasapanahon ng Elemento ng Pabahay (Housing Element Update): Stakeholder Workshop #2**

**Buod ng Pulong**

<b>Paksa</b>	Elemento ng Pabahay (Housing Element) ng County ng Santa Clara – Stakeholder Workshop #2
<b>Petsa   Oras</b>	Agosto 17, 2022   10:00am – 11:30am
<b>Lugar</b>	Virtual
<b>Mga Detalye</b>	<a href="#">Bisitahin ang website ng proyekto</a> para sa recording at slide deck ng pulong

**Layunin ng Workshop**

Ang County ng Santa Clara (County) ay nag-anyaya ng mga stakeholder sa ikalawang workshop bilang suporta sa 2023-2031 Pagsasapanahon ng Elemento ng Pabahay (Housing Element Update). Binubuo mula sa mga nakaraang workshop, sinuri ng mga kalahok ang mga nakaraang estratehiya, mga aksiyong isinagawa, at feedback na narinig hanggang sa kasalukuyan; paghingi ng input sa mga stakeholder kung paano maaaring maisapanahon ang mga estratehiya upang ipakita ang kasalukuyan at inaasahang mga hamon sa pabahay. Nakatuon ang talakayan sa paghahanap ng input na may kaugnayan sa limang pangunahing hamon, kabilang ang produksyon ng pabahay, pagiging abot-kaya ng pabahay, pagkakaroon ng akses sa pabahay, kawalan ng tahanan at pagbabago ng klima. Gagamitin ang feedback mula sa pulong na ito upang pabutihin ang mga estratehiya habang nagtatrabaho ang pangkat ng proyekto upang lumikha ng mga polisiya para sa implementasyon ng siklo ng 2023-2031 Elemento ng Pabahay (Housing Element).

**Pagdalo**

Inanyayahan na dumalo sa workshop ang mga kinatawan mula sa iba't ibang grupo ng interes ng stakeholder na kumakatawan sa mga developer, tagapagtaguyod, departamento ng county at iba pang organisasyon. Mahigit sa 30 kalahok ang dumalo sa pulong na kumakatawan sa sumusunod na mga organisasyon, grupo o departamento ng county:

- Burbank Community Association
- Lungsod ng Morgan Hill
- County ng Santa Clara Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors)
- County ng Santa Clara Department of Aging and Adult Services
- County ng Santa Clara Department of Public Health
- County ng Santa Clara Office of Supportive Housing
- Eden Housing
- Gilroy Historical Society
- Green Foothills
- Greenbelt Alliance
- Housing Choices
- Law Foundation of Silicon Valley
- LUNA
- Mountain View YIMBY
- New York Life
- Ruggeri-Jensen-Azar
- San Martin Neighbourhood Association
- Silicon Valley at Home (SV@Home)
- Silicon Valley Coalition for the Unhoused
- Silicon Valley Independent Living Center
- Stanford University
- West Valley Community Services

**Buod ng Feedback**



Ang pangkat ng County ng Santa Clara ay nagbigay ng maikling presentasyon upang masuri ang pinakamabigat na mga hamon kaugnay sa pabahay na kinakaharap ng county at binalangkas ang mga estratehiyang nabuo para sa nakaraang Elemento ng Pabahay (Housing Element) na may kaugnayan sa bawat hamon. Kabilang din sa pagsusuri ang buod ng mga aksiyong isinagawa ng county upang matugunan ang bawat isa sa limang hamon at ang buod ng feedback na narinig mula sa mga stakeholder at komunidad sa pamamagitan ng Proseso ng Pakikipag-ugnayan hinggil sa Elemento ng Pabahay (Housing Element Engagement Process) hanggang sa kasalukuyan. Sinundan ang presentasyon ng mga breakout group discussion upang makakuha ng input sa mga pagsasapanahon na kinakailangan upang mapabuti ang mga estratehiya para matugunan ang mga kondisyon sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ang sumusunod ay isang pantema na buod ng feedback na narinig kaugnay sa bawat isa sa mga katanungan sa talakayan.

Ang larawan ng live na pagtatala na Mural exercise ay matatagpuan sa **Appendix A**.

**1. Tanong: Paano dapat isapanahon ang mga kasalukuyang estratehiya ng Elemento ng Pabahay (Housing Element)?**

- **Pangunahing Tema: Mga mungkahi sa pagsasapanahon ng kasalukuyang estratehiya:**
  - Tukuyin kung ano ang ibig sabihin ng “balanse (balanced)” kapag nagpapalano para sa suplay ng pabahay sa buong county, kabilang ang kahulugan ng mga antas ng pagiging abot-kaya – karamihan sa bagong pabahay sa kasalukuyan ay ibinibigay sa mga lupain sa Stanford
  - Suriin ang pagiging epektibo ng koordinasyon sa pagitan ng County at mga lungsod sa pagpapaunlad ng pabahay at kung ano ang mga hamon para maisapanahon ang estratehiya
  - Isapanahon ang estratehiya na “alisin ang mga hindi kinakailangang hadlang sa pabahay (remove unnecessary barriers to housing)” upang isama at matugunan ang mga partikular na hadlang sa pagpapaunlad ng pabahay (hal., pananaw ng publiko, mga hadlang sa pananalapi, mga hadlang sa pagpapaunlad)
  - Linawin kung ano ang ibig sabihin ng “patuloy na pagsusuri (continued review)” ng mga polisiya sa paggamit ng lupa (hal., anong mga polisiya ang susuriin at ano ang mga aksiyon na maaaring gawin)
  
- **Pangunahing Tema: Mga salik na isasaalang-alang kapag isinapanahon ang mga kasalukuyang estratehiya:**
  - Magtayo ng mas maraming pabahay para sa mga tao na masyadong mababa ang kita
  - Palawakin ang pagkontrol sa upa
  - Lumikha ng pantay-pantay na akses sa pabahay
  - Tahasang tugunan ang pagkapoot sa lahi (racism) hindi lamang sa mga kasanayan sa diskriminasyon
  - Lumikha ng estratehiya sa pabahay para sa manggagawa sa bukid
  - Tiyaking nadaragdagan ang mga serbisyo upang tumugma sa pangangailangan ng mga yunit ng pabahay
  - Tiyaking ang pagdagdag ng pabahay ay hindi makakaapekto sa mga serbisyo at kalusugan sa komunidad
  - Protektahan ang kalusugan at kagalingan ng lahat ng residente (hal., hinggil sa mga epekto ng paglabas sa sewage mula sa Morgan Hill hanggang sa San Martin)

**2. Tanong: Ano ang kailangan nating isaalang-alang kapag bumubuo ng mga bagong estratehiya/polisiya na may kaugnayan sa ...**

- **Produksyon ng Pabahay**



- Pangalagaan ang kasalukuyang istak ng mga yunit ng abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng rehab, pagpapanatili ng mga proteksyon at pagkakaloob ng pananalapi
  - Bigyang prayoridad ang muling paggamit ng mga kasalukuyang bakanteng gusali para sa abot-kayang pabahay
  - Lumikha ng mas maraming pagpopondo o pagbibigay ng subsidiyo sa produksyon ng accessory dwelling unit (ADU)
  - Magbigay ng insentibo sa produksyon at pagpapaupa ng mga ADU para sa mga populasyon na mga may mababang kita
  - Suriin ang mga banta sa kasalukuyang istak sa pabahay at lumikha ng mga pananggalang na nababagay sa pagtugon sa mga banta
- **Pagiging Abot-kaya ng Pabahay**
    - Gumawa ng mga polisiya sa pagkontrol ng upa
    - Gawing prayoridad ang abot-kayang pabahay sa mga lupain ng Stanford
  - **Pagkakaroon ng Akses sa Pabahay**
    - Paunlarin pa ang mas maraming komunidad na ingklusibo sa lipunan at lahi na napagtagumpayan ang nakaraan at kasalukuyang diskriminasyon
    - Ang pagsasagawa ng rehabilitasyon ng yunit ay dapat isaalang-alang ang Americans with Disabilities Act
    - Palawakin sa County ang tulong sa upa para mabawasan ang mga pagpapaalis
    - Lumikha ng pakikipag-ugnayan (outreach) sa mga komunidad na may mataas na porsiyento ng tulong sa upa para maiwasan ang mga pagpapaalis at pagkawala ng pabahay
    - Lumikha ng mga polisiya upang maiwasan ang mga pagpapaalis at paglalagay sa ibang lugar (displacement) (hal., mga programa ng pabahay para sa COVID)
  - **Kawalan ng Tahanan**
    - Humingi ng pondo sa estado upang lumikha ng bagong pabahay para sa populasyon ng may mababang kita
    - Lumikha ng pantay-pantay na pagkakataon sa pabahay para sa lahat ng demograpiko
    - Lumikha ng akses sa transisyonal na pabahay
  - **Pagbabago ng Klima**
    - Pagtuunan ang pagpapaunlad sa mga sonang panlusod (urban zone) na malayo sa mga sona na mapanganib sa sunog at baha
    - Magkaloob ng akses sa bukas na espasyo na malapit sa bagong pagpapaunlad ng pabahay
    - Isaalang-alang ang mga isyu sa katarungang pangkapaligiran (hal., mga kalamidad sa likas na yaman at mga hindi karampatang epekto)
    - Ang bagong pagpapaunlad ng pabahay at kasalukuyang istak sa pabahay ay kailangang umangkop sa pagbabago ng klima
    - Limitahan ang mga epekto ng klima na dulot ng mabilis na paglawak ng lungsod (urban sprawl) sa pamamagitan ng pagbibigay ng prayoridad sa pagpapaunlad ng pabahay sa mga isla ng lungsod sa loob ng walang lokal na pamahalaan (unincorporated) na Santa Clara

## Mga Susunod na Hakbang

Ang nakolektang feedback sa pulong na ito ang magpapabatid ng mga pagpapabuti sa borador ng mga estratehiya ng Pagsasapanahon sa Elemento ng Pabahay (Housing Element Update) na ipepresenta para sa karagdagang feedback sa ikatlong Stakeholder Workshop. Ang ikatlong stakeholder workshop



ay kasalukuyang naka-iskedyul sa Agosto 29, 2022. Bisitahin ang [sccgov.org/housing-element](https://sccgov.org/housing-element) para sa mga napapanahong impormasyon sa kaganapan.

